

Filipino



No. 353 Agosto 2024

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building - 3F

Community Activity Support Section



Website 🎵



Instagram 🎵

Consultation Counter for Foreign Residents sa Koshigaya

Nagsimula ang pagbukas ng Consultation Counter for Foreign Residents sa city hall ng Koshigaya. Magbibigay ito ng impormasyon na makakatulong para sa mga bagong lipat sa Koshigaya tulad ng wastong paghiwa-hiwalay at pagtapon ng basura, membership ng neighborhood association, Japanese Language classes at iba pa.

Tumatanggap rin ito ng konsultasyon sa mga foreign residents. Huwag mag-alinlangan na magpunta at kumonsulta sa opisina kahit hindi kabisado ang wikang Hapon.

(※) May staff o interpreter sa wikang English, Filipino (Tagalog), Chinese at Vietnamese.

Para sa ibang wika, gagamit ng online interpreters kung kinakailangan.

Office hours: 9:00am - 4:30pm, Lunes - Biyernes (maliban tuwing holidays)

Saan: Koshigaya City Hall, Main Building 3rd floor (sa opisina ng Community Activity Support Section)

Impormasyon: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9114

38th Minami Koshigaya Awa-Odori Festival

Ang Minami Koshigaya Awa-Odori ay isang dance festival at ito ay isa sa tatlong pinaka malaking Awa-Odori sa boong Japan. Napakaraming tao ang dumadalo para mag-enjoy sa event na ito taon-taon.

Pre-event: Agosto 23, Biyernes

Saan: Suncity



Kailan: Agosto 24 & 25 (Sabado at Linggo)

Saan: Sa may Minami Koshigaya Station at Shin Koshigaya Station ng JR Musashino Line at Tobu Skytree Line



Impormasyon: Minami Koshigaya Awa-Odori Promotion Secretariat

☎048-986-2266

Para sa detalye, tingnan sa webiste 🌐



Aplikasyon para sa special support childcare

Aplikasyon para sa mga batang may disabilities at physical and mental delays na papasok sa daycare o childcare centers ng siyudad. Ito ay upang sila ay mabigyan ng espesyal na suporta na makakatulong sa kanilang growth kasama ang ibang bata atbp.

Target: Hanggang 5 taong gulang na mga bata na papasok sa childcare centers simula Abril 2025 dahil ang magulang o guardian ay may trabaho at iba pa.

Kailan / Paano: Setyembre 2 - 9.

Tumawag o mag-aplay online (electronic application) para sa reserbasyon.

Impormasyon: Childcare Facility Enrollment Section (HOIKU NYUSHO KA)

☎048-963-9167



website/detalye

Pagbabago ng halaga ng child allowance

▷ Ang halaga ng child allowance kada buwan ay magbabago simula para sa buwan Oktobre (na matatanggap sa buwan ng Disyembre) ngayon taon.

	Kasalukuyan	Mula Oktobre
0 - 2 year olds	¥15,000	¥15,000 ※¥30,000 mula sa 3 rd child
3 year olds - Grade 6 (elementary school)	¥10,000 ※¥15,000 mula sa 3 rd child	¥10,000 ※¥30,000 mula sa 3 rd child
Junior High School (junior high school age)	¥10,000	¥10,000 ※¥30,000 mula sa 3 rd child
High School (high school age)	¥0 / Wala	¥10,000 ※¥30,000 mula sa 3 rd child
Limit sa kinikita	Meron	Wala
Kailan ibibigay ang allowance	Pebrero, Hunyo, Oktobre	Pebrero, Abril, Hunyo, Agosto, Oktobre, Disyembre

Impormasyon: Child Welfare Section (KODOMO FUKUSHI KA) ☎048-963-9166

Konsultasyon kaugnay sa pag-aaral o enrollment ng high school sa Japan

Tumatanggap ng konsultasyon kaugnay sa pagpasok sa paaralang high school sa Japan. May mga guro at estudyante ng iba't-ibang paaralan na sasagot ng mga katanungan at iba pa.

Kailan: Setyembre 22, Linggo

1st batch: 1:20pm 2nd batch: 2:10pm 3rd batch: 3:00pm 4th batch 3:50pm

Saan: Community Activity Support Center (Koshigaya Twin City B-City 5F)

※ 1 minutong lalakaran mula sa Koshigaya Station, east exit

Aplikasyon: Hanggang Setyembre 6, Biyernes, pumili ng dalawa sa 4 na iskeyul sa itaas.

*Basahin ang QR code sa may kanan at mag-email para sa reserbasyon

Tandaan:

- Hanggang 4 na grupo ang tanggapin bawat batch o oras at hanggang 3 tao bawat grupo
- Ang libreng pagkonsulta ay hanggang 40 minuto bawat tao
- Banggitin tuwing magpa reserba kung kailangan ng interpreter

Impormasyon: Tabunka Kodomo Gakushu Juku

Ogawa-san, ☎090-7422-2002



Aplikasyon

Individual Number & My Number Card

Ang *my number* o individual number ay 12-digit number para sa bawat tao na nakatira o naka rehistrong residente sa Japan. Ang *my number card* naman ay isang valid ID na may larawan. Nakasulat sa card na ito ang impormasyon ng *my number* at iba pa. Hindi kumpolsaryo ang pagpagawa ng card, ngunit inerekomenda dahil maraming magagawa at mas convenient o madali kung meron nito.

Mga merits at pwedeng magawa kung merong card

1. Magagamit ito bilang valid ID at bilang proof ng individual number o my number
2. Gamit ang card, pwedeng kumuha ng sertipikasyon sa convenience store tulad ng residence certificate, tax related certificates at iba pa
3. Makapag login sa myna portal kung merong my number card
4. Magagamit ito bilang health insurance card

Tandaan: Mahihinto ang pag-isyu ng bagong health insurance cards simula Disyembre 2, 2024.

Tungkol sa safety o seguridad ng pagkakaroon ng my number card

1. Pwedeng temporaryong mahinto o ipahinto ang anumang pagproseso gamit ng card kung ito ay nawala, nanakaw at iba pa.
Tumawag sa ☎0120-95-0178 (toll free o walang bayad)
2. Kung gagamitin ang card sa anumang administratibong pagproseso, ang makakakita lamang ng impormasyon ng card ay ang incharge na staff lamang. May nag monitor nito upang hindi ma-access ng iba.
3. Gamit ang my number card, hindi pwedeng makapag proseso ang iba maliban sa sariling card

Paano mag-aplay o magpagawa ng my number card

- Magpunta sa city hall para sa aplikasyon
 - ▷ **Office hours:** 8:30am - 5:00pm, Lunes - Biyernes (maliban tuwing holidays)
 - ▷ **Saan:** City Hall Main Building 1F
Citizens Affairs Section, My Number Card Counter
- Pwede ring mag-aplay online o sa pamamagitan ng postal mail
Para sa detalye, tingnan sa website ng Koshigaya.

Impormasyon: Citizens Affairs Section (SHIMIN KA)

My Number Card Counter

☎048-940-8604





Gabay ng aplikasyon (Japanese only)



Japanese Language Classes sa Buwan ng Agosto

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
				1	2	3 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
4	5	6	7 Walang Klase	8	9 ☆Nihongo de Go!②	10 ☆Lingual Koshigaya
11	12	13	14 Walang Klase	15	16 Walang Klase	17 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
18	19	20	21 Walang Klase	22	23 ☆Nihongo de Go!①	24 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
25	26	27	28 Walang Klase	29	30 ☆Nihongo de Go!②	31 ☆Lingual Koshigaya

Nihongo Circle [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san)	
Kosumo Nihongo Salon ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM - 8:30 PM Saan: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san)	
Nihongo de Go! [¥100/lesson]	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 PM - 3:30 PM Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)	
Lingual Koshigaya (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 AM - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)	
Tabunka Kodomo Gakushu Juku (Libre)	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM - 3:30 PM Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)	
Kosumo Kodomo Kyoshitu & Kosumo Nihongo Salon Sengendai (Libre)	Kailan: Tuwing Sabado, 1:30 PM - 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎ 090-8310-9522 (class in-charge)	